

Mga Protocol ng Biosecurity ng IAATO para sa 2022-23 Tungkol sa Avian Influenza

Nobyembre 16, 2022

Mula noong simula ng 2022, nagresulta ang tumitinding pagkalat ng highly pathogenic avian influenza (HPAI) H5N1 sa pagkamatay ng daan-daang libong ibong-dagat sa Hilagang Hemisperyo, sa mga Karagatang Atlantiko at Pasipikot at Timog Aprika. Nagdulot din ang HPAI ng pagkamatay ng maraming grey at harbor seal sa Estados Unidos.

Ang mga polar stakeholder, mula sa mga partido ng Antarctic Treaty hanggang sa mga siyentipiko, mananaliksik, at tour operator ng IAATO ay mayroong ipinapatupad na mahihigpit na pamamaraan para protektahan ang Antarctica mula sa mga pathogen at hindi katutubong species, ngunit dahil sa pagkalat ng avian influenza sa ibang lugar sa mundo, lahat tayo ay mas mag-iingat patungkol sa mga operasyon sa Katimugan sa panahong ito.

Narito ang kailangan mong malaman tungkol sa pagtugon sa Avian Influenza:

Ang mga stakeholder at scientist sa komunidad ng Antarctic ay sama-samang tumutugon sa banta ng Avian Influenza.

Sa konsultasyon sa [SCAR Antarctic Wildlife Health Working Group \(AWHWG\)](#), nagdagdag ng mga protocol sa mga karaniwang pamamaraan ng biosecurity ng IAATO para sa panahong 2022-23. Ang mga protocol na ito ay mandatory para sa lahat ng Operator ng IAATO at kanilang mga tauhang nagtatrabaho sa Antarctica. Malamang na magbago rin ang mga ito habang naglalabas ng higit pang impormasyon at gabay tungkol sa (HPAI) H5N1:

- Pagtatasa sa mga lugar para sa bisita para sa mga palatandaan ng HPAI sa mga grupo ng hayop bago simulan ang anumang palapag.
- Palagiang pag-iingat para sa mga palatandaan ng HPAI at maging handang umalis sa isang lugar kung may nakitang anumang palatandaan ng gawi ng may HPAI.
- Hindi pag-upo, pagluhod, o paghiga sa lupa o niyebe, o pag-iiwan ng anumang kagamitan sa lupa o niyebe, malapit sa aktibidad ng hayop o dumi (hal., sa loob ng hindi iikli sa 10m mula sa mga pugad o nagtatalik na adult, daanan ng lumalakad na hayop, haul out site).
- Kung nilapitan ang mga bisita ng hayop, gumawa dapat ang mga bisita ng naaangkop na aksyon upang matiyak na ang inirerekomandang pinakamaikling distansya na limang metro ay pinananatili kung saan maaari itong ligtas na gawin.
- Ang camping ay pinahihintulutan lang sa mga lugar na kakaunti o walang hayop.
- Ang mga tauhang nag-aasikaso sa mga ibong-dagat na natagpuang nakalapag sa mga barko ay dapat magsuot ng naaangkop na PPE kabilang ang mga face mask at guwantes, at kung saan pinaghihinalaang may sakit, mga disposable na overall/apron at safety glasses/shield.

Dapat ding tiyakin ng mga operator na sumusuporta sa mga mananaliksik na pinahintulutang magkaroon ng direkta o malapitang kontak (na mas maikli sa 5m) sa mga hayop na alam ng mga mananaliksik ang pinakabagong payo para sa pagpigil sa pagkalat ng zoonotic disease kabilang ang SARS-CoV-2 at avian influenza.

Ano ang Avian Influenza?

Ang avian influenza ay natural na matatagpuan sa mga ibong ligaw ngunit kadalasan ay mga Low Pathogenic Avian Influenza (LPAI) virus. Hindi ito nagdulot ng mga klinikal na palatandaan ng sakit sa mga ibong ligaw. Ang higit na nakababahala ay ang mga viral na subtype (H5 at H7) na maaaring maging lubhang nakakahawa sa mga alagang ibon (manok) na nakakatakas sa ligaw na populasyon.



Ano ang panganib sa mga tao?

Sinabi ng World Organization for Animal Health na mababa ang panganib na mahawahan ang mga tao¹. Sa ngayon, ang lahat ng taong nahawanan ng HPAI ay mga taong nagtatrabaho sa mahabang panahon nang napakalapit sa mga ibon tulad ng mga manggagawa sa manukan. [Alamin ang higit pa.](#)

Paano ito kumakalat?

Sa mga ibon, ang mga Avian Influenza virus ay naipapasa sa mga dumi at respiratory secretion. Maaaring kumalat ang lahat ng ito sa pamamagitan ng direktang kontak sa mga secretion mula sa mga nahawahang ibon, lalo na sa pamamagitan ng mga dumi o ng tubig. Dahil sa resistant na katangian ng mga Avian Influenza virus, kabilang ang kakayahan ng mga ito na magtagal nang mahabang panahon kapag mababa ang temperatura², maaari ding kumapit ang mga ito sa damit at kagamitan at mabilis na kumalat sa iba't ibang lugar. Maaari mong simulan ang iyong pre-expedition biosecurity ngayon gamit ang aming [Dont Pack a Pest](#)³ na gabay.

Paano ako makakatulong?

Sa anumang pagbisita sa Antarctic, kakailanganin mong sumunod sa mahihigpit na pamamaraan upang maiwasan ang pagdala at pagkalat ng mga pathogen at hindi katutubong species. Magsisimula ang prosesong ito [bago ka umalis ng bahay](#) at magiging bahagi ito ng iyong pang-araw-araw na gawain [sa panahon ng iyong pagbisita](#). Inaatasan ka ng mga pamamaraang ito na tiyaking nilinis at na-disinfect nang mabuti ang lahat ng iyong damit at kagamitan, at anumang bagay na maaaring magkaroon ng kontak sa kapaligiran ng Antarctic. Sundin nang mabuti ang mga tagubilin ng iyong operator ng IAATO.

Kapag nasa Antarctica, panatilihin ang inirerekomendang pinakamaikling distansya at huwag kailanman hahawak ng hayop, patay o buhay, o hikayatin ang mga pakikipag-ugnayan.

Mga Sanggunian

¹ World Organisation for Animal Health: <https://www.woah.org/en/disease/avian-influenza/>

² World Organisation for Animal Health: <https://www.woah.org/en/disease/avian-influenza/>

³ Don't Pack a Pest na gabay ng IAATO: <https://iaato.org/visiting-antarctica/preparing-for-your-expedition/>